



## SMALL CASE PROGRAM

Nag-aalok ang Office of Tax Appeals (OTA) ng opsyonal na Small Case Program (SCP) para sa ilang partikular na apela na may mga halagang pinagtatalunan na hindi lalampas sa mga tinukoy na limitasyon. Bagaman hindi ginagarantiya, sa pangkalahatan, napagpapasyahan ang mga apela sa SCP nang mas maaga kaysa sa pangunahing proseso ng mga apela dahil sa pinabilis na iskedyul dahil karaniwang nauugnay ang mga kasong ito sa mga hindi gaanong kumplikadong impormasyon, legal na isyu, at katunayan. Sasailalim man ang iyong apela sa pangunahing proseso o sa SCP, isasaalang alang ito nang mabuti at pagpapasyahan nang walang pinapanigan at sa obhetibong paraan. Boluntaryo ang paglahok sa SCP. Susuriin ng OTA ang bawat apela upang tukuyin kung ito ay isang potensyal na kandidato para sa SCP. Kung kwalipikado ang iyong apela, aabisuhan ka ng OTA at ang Franchise Tax Board (FTB) o ang California Department of Tax and Fee Administration (CDTFA) nang nakasulat tungkol sa iyong posibilidad ng pagiging kwalipikado.

### Mga Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado

**Mga apela sa mga aksyon ng FTBB:** Wala pa dapat \$5,000 ang kabuuang halagang pinagtatalunan kada taon ng buwis.

**Mga apela sa mga aksyon ng CDTFA:** Dapat na ang taxpayer ay mayroong mga taunang gross na resibo na wala pang \$20 milyon kada taon ng kalendaryo para sa bawat taon ng pananagutan o panahon ng claim, at wala pa dapat \$50,000 ang kabuuang halagang

pinagtatalunan kada taon ng kalendaryo, o ang bahagi nito, para sa bawat taon ng pananagutan sa kalendaryo o panahon ng claim.

Hindi kwalipikado para sa SCP ang mga apelang may mga kumplikadong isyu sa impormasyon o batas na tinutukoy ng OTA. Maaaring mayroong iba pang hindi gaanong karaniwang dahilan kung bakit maaaring tukuyin ng OTA na hindi kwalipikado para sa SCP ang isang apela. Para sa higit pang impormasyon sa mga espesyal na panuntunan sa pagiging kwalipikado, pakitingnan ang Mga Panuntunan para sa Mga Apela sa Buwis ng OTA.

### Proseso ng SCP

Pagkatapos ihain ng ahensya sa buwis ang paunang briefing nito, aabisuhan ka ng OTA kung kwalipikado para sa SCP ang iyong apela. Itatanong sa iyo ng OTA kung gusto mong maproseso ang iyong apela sa pamamagitan ng mga proseso ng SCP o ng pangunahing proseso.

Pakitandaang may isang pagkakataon ka lang upang piliing hayaang lutasin ang iyong apela sa pamamagitan ng proseso ng SCP. Sa ilalim ng mga bihirang sitwasyon, maaaring alisin ng OTA ang isang apela sa SCP kahit pagkatapos mong piliing lumahok.

Didinigin ang mga apela sa SCP ng isang miyembro ng lupon sa halip na tatlong miyembro ng lupon. Sa pangkalahatan, ang isang brief mula sa nag-aapela at isa mula sa ahensya sa buwis ay sapat na upang mapagpasyahan ng miyembro

ng lupon ang apela, bagaman may karapatang humiling ng karagdagang briefing ang miyembro ng panel at ang mga partido.

Maaari ding mag-iskedyul ang OTA ng Small Case Program Conference (SCPC) sa telepono o sa virtual na paraan. Nauugnay ang impormal na talakayang ito sa iyo, sa ahensya sa buwis, sa nakatalagang miyembro ng lupon, at eksperto sa usapin na nakatalaga sa iyong apela. Hindi kailangang malaman ang mga pormal na panuntunan o proseso para sa kumperensya. Tatalakayin ng mga kalahok sa SCPC ang iyong apela upang tiyaking handa na ito para sa pagdinig, o tiyakin ang pagbibigay ng Opinyong nakabatay sa nakasulat na tala.

Kapag sapat na ang pagkakagawa sa kaso, magpapatuloy ang iyong apela sa pasalitang pagdinig, kung hihilingin mo ito, o pagpapasyahan ito batay lang sa nakasulat na tala. Alinman sa mga ito, magbibigay ang OTA ng nakasulat na Opinyong nagpapaliwanag sa resulta ng iyong apela kapag nagkaroon na ng pagpapasya.

Kung tumututol ka sa nakasulat na Opinyon at natutugunan mo ang mga pamantayan gaya ng ipinapaliwanag sa aming mga regulasyon, maaari kang maghain ng tinatawag na petisyon para sa muling pagdinig, at dapat itong gawin nang nakasulat nang hindi hihigit sa 30 araw pagkatapos ibigay ang nakasulat na Opinyon ng OTA. Susuriin ng lupon may tatlong miyembro ang iyong kahilingang tukuyin kung may sapat na batayan na muling dinigin ang iyong kaso. Kung maaaprubahan ang iyong petisyon para sa muling pagdinig, uulitin ang proseso, at magkakaroon ka ng pagkakataong magsumite ng mga karagdagang dokumento at impormasyong isasaalang alang ng OTA sa pagpapasya sa bagong apela. Gaya sa orihinal na apela, maaari kang humiling o mag-waive ng pasalitang pagdinig.

